

Renown Health Mga Patakaran at Pamamaraan		Pahina 1 ng 11	
		Petsa na May Bisa ang Kasalukuyang Bersyon:	<u>7/1/2021</u>
		Petsa ng Paglikha:	<u>1/11/06</u>
Pamagat:	Programang Tulong Pinansiyal	Kasaysayan ng Pagbabago <u>9/1/2019</u> <u>9/12/2010</u> <u>1/11/2006</u> <u>8/1/2006</u> <u>10/07/2019</u> Kasaysayan ng Pagrepaso: <u>9/1/2019</u> Pinapalitan: Renown.REV.126	
Uri:	Siklo ng Kita		
Numero:	1445		
(Mga) May Akda:	Jennifer Grayson, Direktor ng Integridad ng Kita		
May-ari:	BP ng Siklo ng Kita		

Saklaw:

Ang Renown Health at ang mga kaanib nitong entidad, kabilang ang Renown Regional Medical Center, Renown South Meadows Medical Center, at Rehabilitation Hospital, ay pinagtitibay ang sumusunod na patakaran at pamamaraan.

Pagpapahayag ng Patakaran:

Nangangako ang Renown Health (“Renown”) sa pagbibigay ng mga emerhensiyang serbisyo, may-kalidad na pangangalagang pangkalusugan na medikal na kinakailangan sa lahat ng pasyente kahit ano pa ang edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, lahi, relihiyon, kapansanan, katayuan bilang beterano, bansang pinagmulan at/o kakayahang magbayad.

Kahulugan ng mga Salita:

1. FAP - Programang Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Program)
2. FPG - Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines)
3. FPL - Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level)
4. Taga-garantiya – Indibidwal na siyang may pinansiyal na pananagutan para sa account ng isang pasyente
5. Mga Halagang Karaniwang Sinisingil na Partikular-sa-Ospital (Amounts Generally Billed, AGB):
Para sa bawat Ospital, ang porsyentong nagmumula sa pag-hahati sa kabuuan ng lahat ng paghahatol para sa mga serbisyo na Medikal na Kinakailangan na ibinigay sa naturang Ospital na binayaran habang nasa Naaangkop na Panahon ng Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong seguro bilang mga pangunahing tagapagbayad, kasama ang anumang

Ang mga Patakaran at Pamamaraan na ito ay patnubay para sa Organisasyon. Kinikilala ng Organisasyon na maaaring may mga partikular na katotohanan at/o mga sitwasyon na nangangailangan ng paglihis mula sa isang partikular na takda ng patakaran. Walang anuman dito ang nilalayong mangibabaw sa kakayahan ng isang empleyado na gamitin ang mabuting paghuhukom sa naturang mga sitwasyon.

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 2 ng 11
Numero:	May Bisa: 7/1/2021

nauugnay na mga bahagi ng mga paghahatol na ito na binayaran ng mga benepisyaryo ng Medicare o ng mga nakasegurong indibidwal bilang mga co-payment, co-insurance, o deductible, ayon sa Karaniwan at Nakaugaliang Singil para sa mga Serbisyong Medikal na Kinakailangan. (Kabuuang Reimbursement ÷ Kabuuang mga Sinisingil = Porsiyento ng AGB na Partikular sa Ospital) Tingnan ang Regulasyon ng Treasury 1-501r5(b)(1)9B

6. Medikal na Maralita:

Ay mga tao na walang seguro sa kalusugan at na hindi karapat-dapat para sa iba pang saklaw ng seguro sa kalusugan, tulad ng Medicaid, Medicare, o pribadong seguro sa kalusugan.

7. Medikal na Kinakailangan:

Tumutukoy sa mga serbisyong kinakailangan upang kilalanin o gamutin ang isang karamdaman o pinsala na alinman na nadayagnos o makatwirang hinihinala bilang Medikal na Kinakailangan nang may pagsasaalang-alang sa pinaka-angkop na antas ng pangangalaga. Upang maging Medikal na Kinakailangan, ang isang serbisyo ay dapat:

- a. Kinakailangan upang gamutin ang isang karamdaman o pinsala
- b. Naaayon sa dayagnosis at paggamot ng kondisyon ng pasyente;
- c. Alinsunod sa mga pamantayan ng mahusay na kasanayang medikal;
- d. Hindi para sa kaginhawaan ng pasyente o ng doktor ng pasyente; at
- e. Maging ang antas ng pangangalaga na pinaka-angkop para sa pasyente ayon sa ipinasya ng medikal na kondisyon ng pasyente at hindi ng sitwasyon ng pinansiyal o pamilya ng Taga-garantiya.

8. Mga Kabuuang Sinisingil – Mga sinisingil na hindi pa nadidiskuwentuhan.

9. Ang mga aksyon sa pangyayari ng hindi pagbabayad ng isang indibidwal na account para sa pansariling-pagbabayad ay inilalarawan sa Patakaran sa Paniningil at Pangongolekta ng Pansariling-Pagbabayad (Renown.SPC.005)

Pamamaraan:

1. Notipikasyon ng Programa

- a. Aalukin ang mga taga-garantiya ng isang FAP na brosyur at/o aplikasyon.
- b. Maaaring humiling ang mga taga-garantiya ng FAP na aplikasyon o buod sa simpleng lengguwahe sa anumang lokasyon ng tanggapan, opisina ng tulong pinansiyal sa pasyente, o sa opisina ng negosyo.
- c. Makikita ng mga taga-garantiya ang isang buod sa simpleng wika at FAP na aplikasyon sa <https://www.renown.org/interact/paying-for-your-care/financial-assistanceprogram/>

2. Referral

- a. Kilalanin ang mga hindi nakasegurong taga-garantiya nang kasing-aga ng maaari kapag walang magagamit na iba pang pagkukunan ng bayad at ire-refer sa FAP.

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 3 ng 11
Numero:	May Bisa: <u>7/1/2021</u>

- b. Maaaring gawin ang mga referral sa anumang oras na magpapahayag ang isang taga-garantiya ng pinansiyal na paghihirap at pagnanais ng tulong (hanggang sa isang taon matapos ang serbisyo o hanggang 240 araw matapos magsimula ang mga gawaing pangongolekta, alinman ang mas nahuhuli). Ang mga eksepsyon ay maaaring hilingin at mangailangan ng pag-apruba mula sa BP ng Siklo ng Kita o nakatataas.
- c. Ang impormasyong may kaugnayan sa mga referral ng FAP ay dapat isagawa bago ang anumang nakaplanong pamamaraan at sa panahon ng serbisyo.

3. Aplikasyon

- a. Ang mga ini-refer na taga-garantiya ay bibigyan ng FAP na Sulat at Aplikasyon. (Apendise B at C)
- b. Maaaring isumite ang maramihang account para sa pagrerepaso sa isang FAP na Aplikasyon.
- c. Ang mga ari-arian na hindi saklaw sa pinansiyal na pagsasaalang-alang ay kinabibilangan ng tirahan kung saan nakatira ang taga-garantiya at/o pamilya ng taga-garantiya, mga sasakyan na kinakailangan sa pagbibiyaha ng lahat ng nagtatrabahong partido papunta at pauwi sa trabaho, mga account sa bangko na may mas mababa sa dalawang buwan na kita, at mga account ng pagreretiro na may mas mababa sa \$50,000.
- d. Kailangang ibalik ang hinihiling na pinansiyal na dokumentasyon sa FAP na Sulat sa Taga-garantiya at ang Aplikasyon upang maituturing na kumpleto ang isang Aplikasyon.
- e. Kung nangangailangan ang isang taga-garantiya ng tulong sa pagkumpleto sa FAP na aplikasyon, maaari nilang tawagan ang isang Espesyalista sa Tulong Pinansiyal sa 775-982-4110 o libreng tawag sa 855- 951-6871 o sa Opisina ng Negosyo sa 775-982-4130 o libreng tawag sa 866-691-0284 o on-line sa Renown.org.
- f. Ang mga aplikasyong hindi nakumpleto sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula noong inisyu ay tatanggihan.

4. Copayment

- a. Lahat ng taga-garantiya ay kinakailangang magbigay ng pinansiyal na kontribusyon sa kanilang bayarin. Napapasailalim ang mga taga-garantiya sa isang halaga ng co-pay batay sa kanilang partikular na Pederal na Antas ng Kahirapan. Ang mga Pederal na Antas ng Kahirapan ay ipinapasya ng HHS.
 - i. Talahanayan ng Co-Pay

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 4 ng 11
Numero:	May Bisa: 7/1/2021

FPL%	Co-Pay
<100%	\$25.00
150%	\$75.00
200%	\$150.00
250%	\$200.00
300%	\$250.00
350%	\$300.00
400%	\$350.00

- b. Ang mga halaga ng co-pay ng taga-garantiya ay babayaran nang buo sa panahon ng pag-apruba sa FAP na aplikasyon batay sa kita na inilahad
- i. Kung magbibigay ng pag-apruba ang FAP na Superbisor o mas mataas, maaaring maantala ang mga pagbabayad hanggang sa maximum na 90 araw matapos ang pagsusumite.
 - ii. Ang pag-apruba sa aplikasyon ay ilalapat sa lahat ng naunang serbisyo na nakatutugon sa mga FAP na kriterya pati na rin sa lahat ng hinaharap na pananagutang pinansiyal ng taga-garantiya na nakatutugon sa kriterya ng FAP sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng pag-apruba. Kinakailangang abisuhan ang Tulong Pinansiyal sa Pasyente ng Renown tungkol sa anumang mga pagbabago sa kita o laki ng sambahayan sa loob ng 6 na buwan na panahon ng pag-apruba upang mapanatili ang pagiging karapat-dapat.
 - iii. Kung tinanggihan ang aplikasyon, ang Espesyalista sa Tulong na Pinansiyal ay makikipag-ugnayan sa pasyente sa impormasyong kaugnay sa pag-aayos ng pagbabayad.

5. Kriterya sa Pagkamarapat

- a. Hindi maaaring gamitin ang FAP para sa mga kosmetiko o bariatric na pamamaraan, mga pertilisasyon, mga pamamaraan na Parehong Araw o Nakapaketeng Presyo, o iba pang mga pamamaraan na hindi medikal na kinakailangan. Ang mga eksepsyon ay maaaring hilingin at mangailangan ng pag-apruba mula sa BP ng Siklo ng Kita o nakatataas.
- b. Ibabatay ang lahat ng pagsasala sa pinansiyal na katayuan ng taga-garantiya sa panahon ng aplikasyon.
- c. Kailangang matugunan ng mga taga-garantiya ang mga sumusunod na kriterya:
 - i. Ang mga Hindi Nakasegurong Taga-garantiya ay kinakailangang mag-aplay para sa tulong/Seguro ng pamahalaan.
 - ii. Ang mga nakasegurong taga-garantiya ay kinakailangang mag-aplay para sa tulong ng pamahalaan.

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 5 ng 11
Numero:	May Bisa: <u>7/1/2021</u>

- iii. Ang mga aplikante ay bibigyan ng isang FPL gamit ang pambansang FPG na matrix na nakadokumento sa Apendise A.
- iv. Ang mga taga-garantiya na may FPL ng sambahayan na $\leq 600\%$ ay isasaalang-alang para sa programang FAP.
 - 1. Ibibigay ang mga diskuwento batay sa FPL at mga ari-arian.
 - 2. Ang mga taga-garantiya na aprubado para sa FAP ay hindi mananagot para sa higit sa AGB na partikular-sa-ospital. Ang mga karapat-dapat na pasyente ay mananagot para sa mas kaunti na co-pay batay sa partikular na Antas ng Kahirapan ng Pederal o sa AGB na partikular sa ospital.
 - 3. Ang AGB ay makakalkula pagkatapos ng bawat taon ng pananalapi. Ang pangwakas na mga regulasyon ng Seksyon 501(r)(5) ay nagpapahintulot sa isang pasilidad sa ospital na tumagal ng hanggang 120 araw sa pagtatapos ng dulo ng 12 buwan na panahon na ginamit sa pagkalkula sa (mga) porsyento ng AGB upang masimulang mailapat ang bagong (mga) porsyento ng AGB.
 - 4. Para sa mga katanungan tungkol sa pagkalkula ng AGB, ang mga pasyente ay maaaring makipag-ugnayan sa aming Sentro ng Pakikipag-ugnayan sa Sariling Pagbabayad sa:
 - i. Telepono: 775-982-4130
 - ii. Personal: 850 Harvard Way, Reno, NV 89502
- v. Ang mga taga-garantiya na karapat-dapat para sa mga programa ng tulong (ibig sabihin, mga selyo para sa pagkain, welfare, atbp.), o na itinuturing medikal na maralita ay maaaring hindi na kinakailangan na kumpletuhin ang FAP na aplikasyon upang maisasaalang-alang para sa programa. Sa naturang mga kaso, ang mga mapagkukunan ng datos sa estado at lokal na kumakatawan sa pagdaralita o mga kasangkapan sa pagsusuri sa kredito ay maaaring gamitin bilang mga pagkukunan upang maaprubahan ang isang taga-garantiya para sa FAP. Hindi sa anumang kaso gagamitin lamang ang mga pinagkukunang ito upang madiskwalipika ang isang aplikante.
- vi. Ang mga taga-garantiya na ipinasyang walang tirahan o na walang dokumentasyon upang malaman ang pagdaralita, mga namatay nang taga-garantiya na walang naiwang ari-arian, walang-asawa, diborsyado, o nabalo ay maaaring isaalang-alang para sa FAP nang walang aplikasyon depende sa kaso. Sa naturang mga kaso, ang mga mapagkukunan ng datos sa estado at lokal na kumakatawan sa pagdaralita o mga kasangkapan sa pagsusuri sa kredito ay maaaring gamitin bilang mga pagkukunan upang maaprubahan ang isang taga-garantiya para sa FAP. Hindi sa anumang kaso gagamitin lamang ang mga pinagkukunang ito upang madiskwalipika ang isang aplikante.

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 6 ng 11
Numero:	May Bisa: <u>7/1/2021</u>

- vii. Ang isang pagbabayad, pagtangi, o buod ng benepisyo mula sa anumang pagkukunan ng tagapagbayad ay kailangang makuha bago ang huling pagpapasya ng pagiging karapat-dapat sa FAP.

6. Pagpapasya

- a. Ang pagpapasya sa pagiging karapat-dapat ng FAP at ang mga mapagkawangawang pagsasaayos na ilalapat sa sandaling maaprubahan ay batay sa Pederal na Antas ng Kahirapan ng taga-garantiya, gaya ng tinukoy ng Health and Human Services Department.
- b. Ang lahat ng Taga-garantiya ay kinakailangang magbigay ng pinansiyal na kontribusyon sa kanilang bayarin. Nang ibinawas na ang mga halaga ng Co-Pay na nakalista sa Talahanayan ng Co-Pay na nakalista sa Item 4.a.i ng patakarang ito, ganito tinutukoy ang mga porsyento ng mapagkawangawang pagsasaayos batay sa Pederal na Antas ng Kahirapan:
 1. FPL 0-99% = 100%
 2. FPL 100 - 249% = 80 - 99%
 3. FPL 250 – 350% = 72 – 79%
 4. FPL 350 – 400% = 31 – 72%
 5. FPL 400 - 500% = hanggang sa 50% nang may pag-apruba mula sa Direktor ng Integridad ng Kita
 6. FPL 500 - 600% = hanggang sa 40% nang may pag-apruba mula sa BP ng Siklo ng Kita
 7. FPL > 600% = hindi karapat-dapat para sa mga mapagkawangawang pagsasaayos para sa FAP
 1. Ang mga Taga-garantiya na may FPL na higit sa 600% ay hihikayatin na gumawa ng iba pang mga areglo sa pagbabayad sa Self-Pay Services Department.
 2. Ang mga tuntunin ng mga areglo sa pagbabayad ay aaprubahan muna ng BP ng Siklo ng Kita.
- c. Ang abiso sa pag-apruba o pagtangi ay ipapadala sa pasyente. Kung tinanggihan ang FAP na aplikasyon, ang Espesyalista sa Tulong na Pinansiyal ay makikipag-ugnay sa Taga-garantiya na may sa impormasyon sa mga opsyon sa pag-aayos ng pagbabayad.

7. Pagsingil

- a. Ang batayan para sa pagkalkula ng mga halagang sisingilin sa mga pasyente ay sinisimulan sa klinikal na dokumentasyon batay sa mga serbisyong pangkalusugan na ibinigay. Batay sa dokumentasyong iyon, awtomatikong inilalapat ang mga pagsingil, o sa pamamagitan ng mga kawani ng pagsusuri sa klinikal na tsart. Sa karamihan ng mga pagkakataon, sinusuri din ng mga espesyalista sa coding sa Pamamahala ng Impormasyong Pangkalusugan ang account para sa coding. Kapag nakuha at napatunayan na ang lahat ng mga

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 7 ng 11
Numero:	May Bisa: 7/1/2021

singil, at may nagawa nang claim na may pinal na balanseng dapat bayaran ng account, maaari nang iproseso ang aplikasyon sa Tulong Pinansiyal.

- b. Sisingilin ang mga Taga-garantiya para sa nalalabing balanse batay sa pagpapasya ayon sa mga Alituntunin sa Paniningil at Pangongolekta ng Pansariling-Bayad ng Renown.
 - i. Maaaring humiling ng kopya nitong mga alituntunin sa pamamagitan ng pagtawag sa isang Espesyalista sa Tulong Pinansiyal sa 775-982-5747 o libreng tawag sa 855-951-6871 o sa opisina ng Negosyo sa 775-982-4130 o libreng tawag sa 866-691-0284 o on line sa Renown.org
- c. Ang mga Taga-garantiya na nagbayad para sa mga natitirang balanse na higit sa mga halaga ng pagsasaayos na naaprubahan para sa FAP ay ipoproseso ayon sa Patakaran ng Renown Health sa mga Refund at mga Credit Balance, RENOWN.PR.B.005.

8. Mga Eksklusyon:

- a. Ang FAP ay hindi nalalapat sa mga singil na itinuturing na hindi medikal na kinakailangan.
- b. Ang mga taga-garantiya na may FPL > 600-1000% ay susuriin ng alinman sa Direktor ng Integridad ng Kita at/o BP ng Siklo ng Kita para sa naaangkop na mga mapagkawanggawang pagsasaayos, o posibleng mga areglo sa pagbabayad, depende sa sitwasyon.
- c. Maaaring maging kwalipikado ang mga benepisyaryo ng Medicare para sa Medicare Bad Debt sa ilalim ng Patakaran ng Renown sa Medicare Bad Debt.

Mga Sanggunian/Regulasyon:

Regulasyon ng Treasury 1-501r5(b)(1)9B
 Taunang Update ng Mga Alituntunin ng HHS sa Kahirapan: 85 FR 3060 Doc. 2020-00858
 Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level)
<https://www.federalregister.gov/documents/2020/01/17/2020-00858/annual-update-of-the-hhs-povertyguidelines>
 BILLING CODE 4150-05-P
 Nevada Medicaid Manual – Medical Necessity Section 103.1
http://dhcfp.nv.gov/uploadedFiles/dhcfpnavgov/content/Resources/AdminSupport/Manuals/MSM/Medicaid_Services_Manual_Complete.pdf
 Patakaran sa Masamang Utang ng Medicare
 RENOWN.CBO.109
 Patakaran sa mga Pagbabalik ng Nagastos at mga Balanse sa Utang
 RENOWN.PR.B.005

Pamagat: Programang Tulong Pinansiyal	Pahina 8 ng 11
Numero:	May Bisa: <u>7/1/2021</u>

Patakaran sa mga Pagsasaayos sa Tatanggapin ng mga Account

RENOWN.CBO.024

Patakaran sa Pagsingil sa Pasyente at Patnubay sa Pagkolekta

RENOWN.SPC.005

Appendiks B - Sulat ng Aplikasyon sa Programang Tulong na Pinansyal

Account ng Taga-garantiya: _____

Petsa: _____

Mahal na Taga-garantiya:

Nakalakip dito ang isang aplikasyon para sa Programang Tulong Pinansyal na iniaalok ng Renown Health. Ang programang ito ay para sa mga indibidwal na sa pakiramdam nila ay kailangan nila ng tulong sa pagtupad sa kanilang mga pinansyal na pananagutan para sa mga serbisyong medikal.

Mga kinakailangan:

Ang layunin ng Programang Tulong Pinansyal ay ang pagbibigay ng tulong sa mga taga-garantiya na hindi kwalipikado para sa tulong mula sa Pederal, Estado, o County at walang makatwirang paraan upang mabayaran ang kanilang pananagutan. Kung hindi ka direktang nag-aplay sa mga ahensyang ito, maaari kang makipag-ugnayan sa isang Espesyalista sa Tulong Pinansyal sa Taga-garantiya para sa tulong sa pag-aplay sa pamamagitan ng pagtawag sa 775-982-4110.

- ✓ Lahat ng mga bagay sa aplikasyon ay dapat na masagutan nang ganap.
- ✓ Ang co-payment na \$_____ na tutukuyin batay sa prescreen ay kinakailangan sa panahon ng pagsumite mo ng iyong aplikasyon. Ang bayad ay mailalapat sa anumang natitirang mga balanse na walang alintana sa katayuan ng pag-apruba ng aplikasyon
- ✓ Patunay ng Kita at mga Gastusin (maglakip ng mga kopya):
 - Nakaraang Taon na Isinama na **Mga Form ng Buwis** (1040 na mga form at mga naayong mga iskedyul)
 - Nakalipas na 4 buwan na mga Stub ng Suweldo at/o iba pang mga **Pinanggagalingan ng Kita** (social security, kawalan ng trabaho, suporta ng anak, alimony, atbp.)
 - Huling 4 buwan na **Mga Bank Statement** (kabilang ang naka-link na mga account; lahat ng pahina)
 - Huling 4 buwan na Mga Resibo ng **Mortgage o Renta**
 - Huling 4 na buwan ng mga pahayag mula sa kahit anong **Ibang mga Account ng Ari-arian** (ibig sabihin Mga Pondo sa Pagreretiro (401k, 403b, 503b, IRA, atbp.) mga polisiya sa seguro, mga pamumuhunan, distribusyon ng seguro sa buhay, mga pondo sa legal na settlement, atbp.)
- ✓ Dapat ay mayroon kang patunay ng aplikasyon at pagtanggap sa tulong sa pamamagitan ng mga Serbisyong Panlipunan at mga programa ng State Welfare ng iyong county
- ✓ Ipapatakbo ang Trans Union Credit Report upang maberipika ang lahat ng impormasyon na ipinakita sa aplikasyon para sa mga pondo ng Tulong Pinansyal

Pagkatapos maisumite ang lahat ng mga pansuportang dokumentasyon, maaabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat o sa telepono kaugnay ng pinal na pagtukoy sa iyong pagiging karapat-dapat. Mangyaring i-update kami kung magbabago ang iyong address o mga numero sa telepono.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa Programa sa Tulong Pinansyal, mangyaring makipag-ugnayan sa isang Espesyalista sa Tulong Pinansyal sa Renown Health sa pamamagitan ng pagtawag sa 775-982-5747.

Renown Regional Medical Center
850 Harvard Way T-6
Attn: Medical Financial Hardship
Reno NV 89502

IMPORMASYON NG PASYENTE

MAHALAGA: Mangyaring basahin at kumpletuhin ang buong form bago pirmahan. Ang ibibigay mong impormasyon ay kailangang tumpak para sa maayos na pagproseso.

Pt. Num. ng Account:

Petsa ng Kapanganakan:

Petsa ng Aplikasyon:

PANGALAN NG PASYENTE		PETA NG PAGKAKATANGGAP			
PANGALAN NG RESPONSABLENG PARTIDO (Taga-garantiya)		NUMERO NG SOCIAL SECURITY		NUMERO NG TELEPONO SA BAHAY	
ADDRESS		KAUGNAYAN SA PASYENTE		ILANG TAO ANG NAKATIRA SA SAMBAHAYAN	
EMPLOYER		ADDRESS NG EMPLOYER		TELEPONO NG EMPLOYER	
GAANO NA KATAGAL ANG PAGKAEMPLEYO NA ITO		TRABAHO			
PANGALAN NG ASAWA		NUMERO NG SOCIAL SECURITY	TRABAHO	GAANO NA KATAGAL ANG PAGKAEMPLEYO NA ITO	
EMPLOYER NG ASAWA		ADDRESS NG EMPLOYER		NUMERO NG TELEPONO NG EMPLOYER	
PANGALAN NG PINAKAMALAPIT NA KAMAG-ANAK			KAUGNAYAN		
ADDRESS			NUMERO NG TELEPONO		
IMPORMASYON NG TAGA-GARANTIYA:					
1. ARI-ARIAN:		ADDRESS			
2. HAWAK NA PERA					
3. BANGKO/MGA CREDIT UNION/MGA TRUST REFERENCE AT ACCOUNT:					
PANGALAN	ADDRESS	URI AT NUMERO NG ACCT	BALANSE		
4. MGA POLISIYA NG INSURANCE:		URI AT NUMERO NG POLISIYA		HALAGA	
PANGALAN					
5. MGA STOCK/BOND:				HALAGA	
PAGLALARAWAN					
6. PAGMAMAY-ARI NG NEGOSYO:		PATLANG NG URI NG INTERES		HALAGA	
PANGALAN AT ADDRESS					
7. MGA SASAKYAN:				HALAGA	
PAGLALARAWAN					
8. MGA DEED NG TRUST, NOTES:					
9. IBA PA:					
10. KARAPAT-DAPAT KA BA PARA SA WELFARE NG COUNTY O ESTADO? KUNG GAYON, ILARAWAN ANG BATAYAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT				<input type="checkbox"/> OO	<input type="checkbox"/> HINDI

PINAPATUNAYAN KO NA ANG IMPORMASYON SA TAAS AY TOTOO AT TAMA. PINAPAHINTULUTAN KO RIN ANG RENOWN HEALTH NA KUMUHA NG IMPORMASYONG KAILANGAN PARA SA PAGPAPATOTOO NG AKING PINANSYAL NA KALAGAYAN.

PIRMA NG RESPONSABLENG PARTIDO

PETA

